# KAPASIYAHAN BLG. 2023-27

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT SAN IGMEDIO BUILDERS INCORPORATED NA NAUUKOL SA PAGHAHAKOT AT PAGTATAPON NG BASURA."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Wilfredo G. Canoza**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran**
**at**
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at San Igmedio Builders Incorporated;

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 22(a)(5) at (c) ng Batas Republika Blg. 7160 o Kodigo ng Pamahaalang Lokal na isa sa kapangyarihan ng mga pamahalaang lokal ay pumasok sa mga kontrata na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 444(b)(iv) ng Kodigo ng Pamahaalang Lokal na binibigyang kapangyarihan ang mga Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan na pumasok sa mga kasunduan na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Pinagsanib Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran at Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan ay napatunayang ang kasunduang ito ay labis na makakatulong upang maibsan ang problema sa basura ng bayan ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. WILFREDO G. CANOZA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at San Igmedio Builders Incorporated na nauukol sa paghahakot at pagtatapon ng basura.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim